# DISKRIMINASYON AT MGA KARAPATANG SIBIL SA PAMPUBLIKONG ACCESS

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

**NAGBIBIGAY ANG BATAS NG KARAPATANG SIBIL NI UNRUH (UNRUH CIVIL RIGHTS ACT) NG PROTEKSIYON MULA SA DISKRIMINASYON NG LAHAT NG MGA ESTABLISIMYENTO NG NEGOSYO SA CALIFORNIA**

Nagbibigay ang batas ng karapatang sibil ni Unruh ng proteksiyon mula sa diskriminasyon ng lahat ng mga establisimyento ng negosyo sa California, kasama ang pabahay at mga pampublikong akomodasyon. Maaaring kasama rin sa terminong "establisimyento ng negosyo" ang mga pampamahalaan at pampublikong entidad.

Ayon sa wika ng Batas ng karapatang sibil ni Unruh, partikular na ipinagbabawal ang diskriminasyon sa pabahay at mga pampublikong akomodasyon batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan ng kasal, seksuwal na oryentasyon, pagkamamamayan, pangunahing wika, o katayuan sa imigrasyon. Gayunpaman, isinasaad ng Korte Suprema ng California na ang mga proteksiyon sa ilalim ng Batas ni Unruh ay hindi limitado sa mga katangiang ito lamang.

Nilalayon ng Batas na saklawin ang lahat ng sinasadya man o hindi diskriminasy'n ng isang establisimyento ng negosyo na batay sa mga personal na katangiang katulad ng mga nakalista sa itaas.

Pinoprotektahan din ng batas ang mga karapatan ng mga indibidwal na may mga kapansanan na gamitin ang mga kalsada, highway, at ibang pampublikong lugar; pampublikong transportasyon; mga lugar ng pampublikong akomodasyon, mga lugar ng libangan o resort, at mga matutuluyang pabahay; at mga hayop para sa paggabay, pagsenyas o pagbibigay ng serbisyo o mga alternatibong akomodasyon para sa mga taong may mga kapansanan. Malinaw na kinikilala ng batas ang pagkakaiba ng karapatan ng negosyo na tanggihan ang serbisyo batay sa gawi kumpara sa mga personal na katangian. Ang maling gawi o mapanggulong pag-uugali ng mga partikular na indibidwal ay maaaring maging dahilan ng pagtanggi na makipagnegosyo sa kanila o sa pagtanggi sa kanila ng mga serbisyo.

### MGA NEGOSYONG SAKLAW NG BATAS

Inaatas ng Batas ng Karapatang Sibil ni Unruh ang "mga ganap at pantay-pantay na akomodasyon, kalamang, pasilidad, pribilehiyo o serbisyo sa lahat ng mga establisimyento ng negosyo." Kasama dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na lugar:

- Mga hotel at motel
- Mga nonprofit na organisasyon na may pangnegosyong layunin o na pampublikong akomodasyon
- Mga restaurant
- Mga sinehan o teatro
- Mga ospital
- Mga barberya at beauty salon
- Mga matutuluyang pabahay – kasama ang pinapaupahang pabahay at pabahay sa pamamagitan ng shared economy (isang uri ng sistema ng ekonomiya na batay sa pagbabahagi ng ari-arian at serbisyo)
- Mga pampublikong ahensiya
- Mga establisimyentong nagbebenta nang tingian (retail)

### PABAHAY SA MAS NAKAKATANDA

Naglalaman ang Batas ng Karapatang Sibil ni Unruh ng mga probisyong nangangasiwa sa pagtataguyod ng espesyal na pabahay na idinisenyo para matugunan ang mga pisikal na pangangailangan at/o pangangailangan sa pakikihalubilo ng mga mas nakakatandang mamamayan.

Ang pabahay na nakakatugon sa mga kinakailangang ito ay hindi saklaw sa mga probisyon sa katayuan ng pamilya at edad ng Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay (Fair Employment and Housing Act) at sa gayon ay maaari nitong legal na hindi isama ang mga sambahayang may mga bata. May mga nakalaang katulad na probisyon para sa mga parke ng mobile home (naililipat na tahanan) para sa mga mas nakakatandang mamamayan sa ilalim ng mga batas sa makatarungang pabahay ng pederal na pamahalaan.

# DISKRIMINASYON AT MGA KARAPATANG SIBIL SA PAMPUBLIKONG ACCESS

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

## MGA HALIMBAWA NG PAGLABAG SA BATAS NI UNRUH

Ipinapakita ng mga sumusunod na halimbawa ang mga potensiyal na paglabag sa Batas ng Karapatang Sibil ni Unruh. Maaaring ituring din na mga paglabag sa Batas ni Unruh ang ibang mga sitwasyon batay sa mga partikular na kalagayan:

- Ang mga panauhin lamang ng isang partikular na lahi ang sinisingil ng isang hotel ng $100 na bayad sa serbisyo ngunit hindi sinisingil nito ang ibang mga panauhin ng hotel.
- Tumatanggi ang isang doktor na gamutin ang isang pasyenteng nasuri na positibo sa HIV
- Tinanggihang bigyan ng puwesto sa restaurant ang magkasintahang may parehong kasarian kahit na maraming bakanteng mesa na available at agad na binibigyan ng puwesto ang ibang kostumer
- Sinabihan ang isang indibidwal na may problema sa paningin na ang kanyang nagseserbisyong hayop (service animal) ay hindi pinapahintulutan sa loob ng tindahan
- Paniningil ng magkaibang presyo sa kalalakihan at kababaihan para sa mga parehong uri ng serbisyo, gaya ng mga pagpapaayos ng damit, pagpapagupit, dry cleaning, o mga inumin sa restaurant o bar
- Pag-promote ng negosyo sa pamamagitan ng mga diskuwento sa "ladies night" (gabi para sa mga babae) para sa pagpasok o mga serbisyo

## ANG GINAGAWA NG CRD

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ang batas na ito sa pamamagitan ng:**

1. **Pagsisiyasat sa mga reklamo ukol sa panliligalig o pangguguIo at diskriminasyon;**
2. **Pagtulong sa mga sangkot na partido na boluntaryong lutasin ang mga reklamo;**
3. **Pagsasakdal sa mga paglabag sa batas; at**
4. **Pagbibigay-alam sa mga taga-California tungkol sa Batas ni Unruh sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga nakasulat na materyales at pakikilahok sa mga seminar at kumperensiya.**

**Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon sa batay sa isang protektadong uri, maghain ng reklamo. Dapat ihain ang isang reklamo sa CRD sa loob ng isang taon mula sa petsa ng huling akto ng diskriminasyon.**

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang kaluwagan, maaari kang tulungan ng CRD sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o may kahirapan sa pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

## PARA MAGHAIN NG REKLAMO

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Toll: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320